| ASIGNATURA: | Edukasyon sa Pagpapakatao | BAITANG: | 7 |
|---|---|---|---|
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa talento at kakayahan | **CODE:** | |

**I. PANUTO: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Ang pagtutuon ng atensiyon nang marami sa talento sa halip na sa kakayahan ay isang hadlang tungo sa pagtatagumpay. Ito ay ayon kay _____
   A. Brian Green
   B. Edward Thorndike
   C. Elizabeth Hurlock
   D. Robert J. Havighurst

2. Ito ay kalakasang intelektuwal upang makagawa ng isang pambihirang bagay tulad ng kakayahan sa musika o kakayahan sa sining.
   A. Biyaya  B. Kakayahan  C. Talento  D. Gawi

3. Ito ay talino sa pagkilala sa pagkakaugnay ng lahat sa daigdig.
   A. Existential  B. Naturalist  C. Interpersonal  D. Intrapersonal

4. Ito ang talino sa pagkilala sa pag-uuri, pagpapangkat at pagbabahagdan.
   A. Existential  B. Naturalist  C. Interpersonal  D. Intrapersonal

5. Masasabing ang mga researcher, manunulat ng mga nobela o negosyante ay nagtataglay ng ganitong talino.
   A. Existential  B. Naturalist  C. Interpersonal  D. Intrapersonal

6. Alin sa mga sumusunod ang naging resulta ng pag-aaral ni Prof. Ericsson at ng kaniyang grupo sa mga sikat at matagumpay na personalidad?
   I. Di sapat ang likas na kakayahan upang maging bihasa at matagumpay ang tao sa kanyang larangan.
   II. Ang kanilang pagtatagumpay at kahusayan ay bunga ng masusing pagsasanay.
   III. Mahalaga rin na tayo ay may hilig o interes sa larangang pinasok.
   IV. Dapat maging masaya sa mga ginagawa.
   A. I, II  B. I,II,III  C. II,IV  D. I,II,III,IV

7. Bakit ang ilang tao ay sumusuko na sa unang subok pa lang ng pagkamit ng pangarap?
   A. Nawawalan sila ng suporta mula sa kanilang mga mahal sa buhay
   B. Hindi nila makita ang halaga ng kanilang ginagawa
   C. Malaki ang impluwensiya ng magulang
   D. Wala silang tiwala sa sarili

8. Ang mga sumusunod ay naglalarawan tungkol sa ‘tiwala sa sarili’ MALIBAN sa _________.
   I. Ito ay namamana.
   II. Hindi ito pangkalahatan
   III. Nagbabago ito sa paglipas ng panahon
   IV. Nakasalalay ito sa mga bagay na labas sa ating sarili

A. I, II B. I,II,III C. I,IV D. I,II,III,IV

9. Ang mga sumusunod ay dahilan kung bakit mahalagang tuklasin at paunlarin ang mga angking talento at kakayahan, MALIBAN sa _______________.
   A. Upang makapaglingkod sa pamayanan.
   B. Upang maisakatuparan ang mga tungkulin sa sarili at lipunan.
   C. Upang magkaroon ng tiwala sa sarili at malampasan ang kahinaan.
   D. Upang maging kilala sa lipunan sa pagbabahagi ng mga talento at kakayahan.

10. Si Yeng ay natutong mag-*volleyball* noong siya ay 7 taong gulang pa lamang. Siya ay 13 taong gulang na ngayon at patuloy pa rin siyang naglalaro nito dahil nais niyang makapagtala ng record sa larong *volleyball* at natutuwa siya na maglaro kasama ang kanyang mga kaibigan. Ang larangan at tuon ng hilig ni Yeng ay _______________.
   A. Musical interest; Tuon sa tao at bagay
   B. Scientific interest; Tuon sa tao at ideya
   C. Outdoor interest; Tuon sa tao at datos
   D. Mechanical interest; Tuon sa datos at ideya

11. Mula nang nagdalaga si Katherine ay palagi na silang hindi nagkakaunawaan ng kanyang ina. Masama ang kanyang loob kung siya ay napagsasabihan at napagbabawalang gawin ang mga bagay na sa palagay niya ay hindi dapat pakialaman ng kanyang ina. Ano ang pinakamakatwirang magagawa ni Katherine?
   A. Ibahagi sa kanyang kaibigan ang kanyang sama ng loob.
   B. Kausapin ang kanyang ama upang sabihin sa kanyang ina ang kanyang saloobin.
   C. Gumawa ng paraan upang mabuksan ang maayos na komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kanyang ina.
   D. Palaging isaisip na bilang anak kailangan niyang sumunod sa kanyang magulang sa lahat ng pagkakataon dahil sila ang nakatatanda.

12. Ang mga sumusunod na dahilan ang nagpapatunay na mahalagang tuparin ng tao ang kanyang tungkulin sa kalikasan, MALIBAN sa _______________.
   A. Makikinabang nang lubos ang mga henerasyon na darating.
   B. Magkakaroon ng maraming hanapbuhay ang mga mamamayan.
   C. Maiiwasan ang patuloy na pagkasira ng kalikasan at ang paulit-ulit na mga kalamidad.
   D. Mapapangalagaan ang kalikasan para patuloy na matugunan ang pangangailangan ng lahat ng tao.